## Para sa LGBT community

# Quezon City Hall may 'All Gender' CR na!

Mayroon na ngayong "All Gender" restrooms para sa mga miyembro ng LGBT (Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender) community sa Quezon City hall compund.

Kahapon, nilagyan na ng QC Hall General Services Division ng "All Gender" sign ang mga naitalagang CR sa city hall compound para magamit ng mga miyembro ng LGBT.

Ang hakbang ay bilang pagtalima ng Quezon City government sa City Ordinance 2357-2014 na kilala sa tawag na Quezon City Gender-Fair Ordinance.

Sa ilalim ng batas na ito, ang lahat ng government agencies, private offices, commercial at industrial establishments ay dapat na maglaan ng all-gender toilet rooms para sa LGBT community.

Ang QC Gender-Fair Ordinance ay naglalaan ng isang komprehensibong anti-discrimination policy batay sa Sexual Orientation, Gender Identity and Expression (SOGIE).

Una nang sinabi ni Quezon City Mayor Joy Belmonte na poprotektahan ang kapakanan ng mga miyembro ng LGBT community mula sa mga lumalapastangan sa kanilang karapatan.

Ang lunsod ang unang nagtaguyod ng ordinansa sa buong bansa na nangangalaga sa kalagayan ng LGBT community at si Belmonte ang nangunang ipasa ang naturang batas noong siya ay Vice Mayor pa lamang nito noong 2013. *(Angie dela Cruz)*